Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Mga Serbisyong Accupuncture

Ang mga serbisyong acupuncture ay sinasakop para pigilan, baguhin, o ibsan ang pakiramdam ng matindi, hindi bumubuting nagtatagal na kirot na dulot ng medikal na kondisyon na pangkalahatang kinikilala. Ang acupuncture ay binigyang-kahulugan sa Business and Professions Code, Section 4927 bilang “istimulasyon ng partikular na point o malapit sa bahagi ng katawan sa pamamagitan ng pagtusok ng mga karayom para pigilan o baguhin ang pakiramdam ng kirot o ibalik sa normal na paggalaw ng bahagi ng katawan, kasama na ang pagkontrol ng kirot, para sa paggamot ng partikular na mga sakit o mga dysfunction ng katawan at may kasamang pamamaraang electroacupuncture, cupping, at maxibustion.” Ang mga serbisyong acupuncture (mayroon o walang elektronikong istimulasyon ng mga karayom) ay limitado lamang sa dalawang serbisyo sa isang buwan sa kalendaryo, bagaman maaaring ibigay ang karagdagang serbisyo batay sa pangangailangang medikal. Lahat ng serbisyong acupuncture para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sinasakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT. Ang mga serbisyong acupuncture sa ganitong pagpaparaya (waiver) ay ibinibigay lamang sa mga indibiduwal na edad 21 pataas at kapag naubos na ang limitasyon ng mga serbisyong naipagkaloob sa ilalim ng aprubadong plano ng estado.

Mga Serbisyong Pamamagitan sa Pag-uugali (Behavioral Intervention)

Kasama sa mga serbisyong pamamagitan sa pag-uugali ang paggamit at pagpapaunlad ng mga malawakang programang behavioral intervention para pasulungin ang pagpapaunlad ng kasali at pagsubaybay at pag-analisa sa ugali. Ang mga programang pamamagitan ay pinagbabawal sa pangkalahatang tinatanggap, batay sa ebidensya, mga positibong pagharap. Depende sa mga pangangailangan ng kasali, ang mga behavioral intervention service ay maaaring ibigay sa iba’t ibang tagpo, kasama na ang bahay ng kasali, lugar ng trabaho, atbp. Ang mga behavioral intervention service ay dinisenyo para tulungan ang mga indibiduwal sa pagkuha, pagpapanatili at pagpapasulong ng pagtulong-sa-sarili, pakikisalamuha at mga kasanayan pakikibagay na kailangan para magtagumpay sa paninirahan sa tahanan at mga tagpo na pangkomunidad. Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa mga miyembro ng pamilya kung ito ay para sa kapakinabangan ng kasali. Maaaring kasama sa mga serbisyo sa mga miyembro ng pamilya ang pagsasanay at pagbibigay ng instruksyon tungkol sa yugto ng gamutan, kabilang ang pagsasanay sa paggamit ng mga gamot, at mga estratehiya sa pamamahala ng panganib para suportahan ng pamilya ang kasali.

Ang pakikibahagi ng (mga) magulang ng batang na mga anak ay napakalahaga sa ikatatagumpay ng planong behavioral intervention. Tinitiyak ng pangkat ng pagpaplanong nakasentro-sa- tao na hangganan ng pakikibahagi na kinakailangan para matugunan ang mga pangangailangan ng indibiduwal. Kabilang sa “Pakikibahagi” ang mga sumusunod na kahulugan: Pagkompleto ng pagtuturo sa grupo sa mga panimulang bagay ng behavioral intervention; Implementasyon

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

ng mga estratehing pamamagitan; alinsunod sa planong pamamagitan; Kung kinakailangan, pangongolekta ng data ng mga estratehiya sa pag-uugali at pagsusumite ng data sa provider para maisama sa mga report ng pagsulong; Pakikibahagi sa anumang kailangang klinikal na mga pagpupulong; probisyon ng mga babasahin ng iminungkahing kaunting pagbabago sa pag-uugali o pakikisangkot ng komunidad kung gumamit ng sistemang pagbibigay-gantimpala. Kung ang kawalan ng sapat na pakikibahagi ang pumipigil sa matagumpay na implementasyon ng behavioral plan, ibang mga serbisyo ang ibibigay para matugunan ang natukoy na pangangailangan ng indibiduwal.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Ang serbisyong ito sa HCBS Waiver ay ibibigay lamang sa indibiduwal na edad 21 pataas. Lahat ng medikal na kinakailangang Behavioral Intervention Service para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sinasakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT.

Serbisyong Chiropractic

Kasama sa mga serbisyong chiropractic manu-manong manipulasyon ng gulugod para pigilan, baghin, o ibsan ang pakiramdam na matindi, hindi bumubuting nagtatagal na kirot na dulot ng medikal na kondisyon na pangkalahatang kinikilala. Maaaring gamitin ng chiropractor ang lahat ng kinakailangang mekanikal, malinis, at mga hakbang sa kalinisan para alagaan ang katawan, kabilang ang hangin, lamig, dyeta, ehersisyo, init, liwanag, masahe, physical culture, pahinga, ultrasound, tubig, at mga tiknik na physical therapy sa panahon ng chiropractic manipulation at/o adjustment. Lahat ng medikal na kinakailangang mga serbisyong Chiropractic para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sinasakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT. Ang mga serbisyong chiropractic sa waiver na ito ay ibinigay lamang sa mga indibiduwal na edad 21 pataas at ibibigay lamang kapag naubos na ang limitasyon ng mga serbisyong naipagkaloob sa ilalim ng aprubadong plano ng estado.

Suportang Komunikasyon

Kabilang sa mga serbisyong suportang komunikasyon ang tulong sa komunikasyon na kinakailangan para mapadali at matulungan ang mga taong may kapansanan sa pandinig, pagsasalita, paningin, kabilang na ang mga indibiduwal na hindi nakakapagsalita ng Ingles bilang kanilang pangunahing wika at may limitadong kakayahan sa pagbabasa, pagsusulat, pagsasalita o pag-intindi ng Ingles (Limited English Proficient o LEP na mga kasanayan). Ang layunin ng ganitong serbisyo ay tulungan ang mga indibiduwal na mabisang makipagkomunikasyon sa mga service provider, pamilya, mga kaibigan, katrabaho, at sa publiko. Ang mga sumusunod ay pinapayagang tulong sa komunikasyon, gaya ng tinukoy sa IPP ng kasali:

1. Mga Facilitator;
2. Mga interpreter at mga serbisyong interpreter;
3. Mga tagapagsalin at mga serbisyong tagapagsalin; at
4. Mga tagabasa at mga serbisyong pagbabasa.

Kasama rin sa ganitong serbisyo ang mga suporta sa kasali sa paggamit ng computer technology para tulungan sa

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

komunikasyon. Kasama sa gayong mga suporta ang pagsasanay sa paggamit ng teknolohiya, pagsusuri sa pangangailangang tuloy-tuloy na pagsasanay at suporta, at pagkakailanlan ng mapagkukunan para sa suporta. Limitado lang ang serbisyong ito sa empleyado na nagbibigay ng tulong at hindi kasama dito ang pagbili ng kagamitan at mga suplay.

Kasama sa mga serbisyong suportang komunikasyon ang pagsusuri para sa, at pagsasanay sa paggamit ng, mga pantulong sa komunikasyon, kasama ang para sa mga indibiduwal na may kasanayan sa LEP, gaya ng tinukoy sa IPP ng kasali.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Mga Suportang Pagsasama-sama sa Komunidad

Ibinibigay ang ganitong serbisyo sa mga kasali na ibinagay sa kanilang espesipikong personal na mga resulta na nauugnay sa pagtatamo, pagpapasulong at/o pagpapanatili ng mga kasanayan at abilidad para ihanda at suportahan ang kasali para sa pakikibahagi sa komunidad, pagiging umaasa sa isa't isa, at pagiging hindi umaasa sa iba.

Sinusuportahan ng ganitong serbisyo ang lubos na access para makasali sa buhay sa komunidad, makontrol ang personal na mga pag-aari, at makatanggap ng mga serbisyo sa komunidad, sa kaparehong antas ng pag-access katulad ng indibiduwal na hindi tumatanggap ng ganitong mga serbisyo. Karagdagan pa, natutulungan ng ganitong serbisyo ang kasali na matuto ng mga kasanayan na kailangan para makasali sa komunidad sa panahon ng mga panggrupong aktibidad kasama ng mga walang kapansanan.

Pinipili ng kasali ang ganitong serbisyo mula sa opsyon ng serbisyo, kabilang ang mga tagpong espesipiko para sa walang kapansanan. Ang mga opsyon sa serbisyo ay batay sa mga kagustuhan at pangangailangang pang-indibiduwal ng kasali.
Natatanggap ng kasali ang serbisyong ito sa mga tagpo na pinagsama-sama at sumusuporta sa lubos na access sa mas malaking komunidad, na nagpapangyaring maging komportable ang kasali, maging umaasa sa isa't isa, maging hindi umaasa sa iba, mga kagustuhan, at paggamit ng anumang teknolohiya. Ang mga pagpili ng kasali ay isinama sa mga serbisyo at suporta at ng kanyang mahahalagang personal na karapatan sa pagkapribado, dignidad at respeto, at napoprotektahan ang kalayaan laban sa pamimilit. Dapat na hinahayaan ng mga tagpo ng serbisyo ang kasali na kontrolin ang personal na pag-aari at ang kanyang eskedyul at aktibidad. Karagdagan pa, dapat makakatanggap ng pahinga ang kasali sa paggamit nila ng tagpo sa paraang kapareho ng indibiduwal na walang kapansanan.

Ang Mga Suportang Pagsasama-sama sa Komunidad ay ibinibigay sa paraang tinukoy ng pangkat ng pagpaplano para tulungan ang kasali na magtamo, magpanatili, o magpasulong ng pagtulong-sa-sarili, mga kasanayan na pakikibagay at pakikisalamuha sa pamamagitan ng terapyutiko at/o mga pisikal na aktibidad para para matamo ang mga resultang personal na pagpapakahulugang ng kasali. Maaaring maganap ang mga serbisyo at suportang ito sa malawak at iba't ibang tagpo sa komunidad na nagsusulong ng pagsasama-sama sa komunidad. Maaaring kasama sa ganitong mga tagpo ang mga tagpong hindi pangresidensyal na tinukoy sa Appendix C-5, pero maaari lamang isama kung ang tagpo ay natiyak na nakakatugon sa mga kahilingan sa mga tagpo ng HCB, gamit ang proseso na inilarawan sa Appendix C-5. Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa regular na nakaeskedyul basihan, para sa isa o higit pang mga araw kada isang linggo. Hindi ibinibigay ang mga ganitong serbisyo sa tirahan ng kasali.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Pinangyayari ng mga ganitong serbisyo at suporta na matamo o mapanatili ng kasali ang kanyang maximum na antas ng pagkilos, pagiging umaasa sa isa't isa, at pagiging hindi umaasa sa iba, kasama na ang pagpapadali ng koneksyon sa mga kaganapan at aktibidad sa komunidad. Karagdagan pa, ang mga ganitong serbisyo at suporta ay maaaring isilbe para palakasin ang mga kasanayan o aral na itinuro sa paaralan, terapi, o ibang mga tagpo, nagpapangyari sa kasali na maisama sa loob ng komunidad.

Maaaring kasama sa serbisyo at suporta para tulungan ang kasali na madagdagan at mapasulong ang pagtulong-sa-sarili, pakikisalamuha, pagsasama-sama sa komunidad.

at mga kasanayan sa pakikibagay, ang:
a. Pakikisalamuha at kamalayan sa komunidad.
b. Mga kasanayan sa komunikasyon.
c. Kamalayan sa mga bagay na nakikita, naririnig at nahahawakan, at mga karanasan sa pandama.
d. Pagpapaunlad ng angkop na pakikipag-ugnayan sa kapwa at mga kasanayan sa pagtataguyod-ng-sarili.
e. Mga programang sining at libangan.
f. Patuluyang Edukasyon tulad ng, mga klase na tutulong sa mga kasali na tuklasin ang mga interes o pasulungin ang akademikong mga kasanayan o kompletohin diploma sa high school equivalency (GED) habang nasa ekslusibong tagpo
g. Mga grupong senior at nakasalig-sa-pananampalataya.
h. Pagtuturo sa kasama.
i. Mga serbisyong kakayahang makakilos, hal., pag-access at paggamit ng pampublikong transportasyon o iba pang paraan ng transportasyon, kasama na ang pag-access sa pagbabahagi sa kasama ng masasakyan.
j. Pagbuo ng pakikipagkaibigan at relasyon

Mga Suportang Pamumuhay sa Komunidad

Ang mga Suportang Pamumuhay sa Komunidad ay mga serbisyong nagpapadali sa mga kasali sa pagiging umaasa-sa-sarili at nagsusulong ng pagsasama-sama sa komunidad, anuman ang kaayusan sa pamumuhay sa komunidad. Kasama sa mga serbisyo at tulong sa pakikisalamuha, pagpapaunlad ng personal na kasanayan, pakikibahagi sa komunidad, libangan at libreng oras, at sa tahanan at personal na pangangalaga, ang iba pa ay higit pang inilarawan sa ibaba. Hindi kasama sa bayad para sa mga Suportang Pamumuhay sa Komunidad ang gastos para sa kuwarto at tuluyan.

Ibinibigay ang mga Suportang Pamumuhay sa Komunidad sa kasali sa kanyang tahanan at komunidad para maabot, mapasulong, at mapanatili ang mga kasanayan sa pakikisalamuha at pakikibagay na kailangan na magpapangyari sa kasali na tumira sa komunidad at makibahagi na hindi umaasa sa iba hanga't posible. Ibinibigay ang mga serbisyo sa mga kapaligiran na sumusuporta sa pagiging komportable ng kasali, pagiging hindi umaasa sa iba, mga kagustuhan at sa paggamit ng teknolohiya. Ang mga pagpipilian ng kasali ay isinama sa mga serbisyo at suportang natanggap. Ang kasali ay may malayang access, sa kanyang mahahalagang personal na karapatan sa pagkapribado, dignidad at respeto, at pinupoprotektahan ang kalayaan laban sa pamimilit.

Ang mga tagpo ng serbisyo ay pinagsama-sama, at padadaliin ang lubusa na access ng kasali sa mas malaking

komunidad, kabilang dito ang mga oportunidad na makasali sa buhay sa komunidad ang bawat kasali, makontrol ang personal na mga pag-aari, at makatanggap ng mga serbisyo sa komunidad.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Ang espesipikong mga serbisyong ibinigay sa bawat kasali ay magkakaiba-iba depende sa indibiduwal, sa mga kagustuhan ng indibiduwal at sa napiling tagpo sa komunidad. Tutukuyin sa Individual Program Plan ang espesipikong uri at halo-halong suporta na natatanggap ng indibiduwal kasama na ang espesyal na kwalipikasyon ng provider.

Ilalarawan ng mga sumusunod na item ang mga uri ng posibleng mga Suportang Pamumuhay sa Komunidad:

1. Kasama sa suporta sa pakikisalamuha ang pagpapaunlad o pagpapanatili ng kamalayan-sa-sarili at kontrol-sa-sarili, pagiging nakakatugon sa kapwa, mga social amenity, mga kasanayan sa pakikipagkapwa, at mga personal na ugnayan.

2. Kasama sa suporta sa paglilinang ng personal na kasanayan ang mga aktibidad na dinisenyo para mapasulong ang sariling kakayahan ng kasali na matapos ang mga gawain sa araw-araw na pamumuhay, kasama na ang pagkain, paliligo, pagbibihis, personal na kalinisan, kakayahang makakilos, at iba pang mahahalagang gawain.

3. Kasama sa suporta sa pakikibahagi komunidad ang tulong na nagpapangyari sa indibiduwal na lubos na makibahagi sa mga gawain sa komunidad. Maaaring kasama sa tulong ang, ngunit hindi lang sa, pagtatamo, paggamit, at pangangalaga ng aso o iba pang mga kasamang hayop na espesipikong sinanay para magbigay ng personal na tulong, o mga device na nagpapadali sa agarang tulong kapag may mangyaring banta sa kalusugan, kaligtasan, o well-being.

4. Suporta para padaliin ang pakikibahagi sa mga gawain sa pagkatapos ng sekundaryang edukasyon, pangrelihiyon, libangan o mga aktibidad sa libreng oras.

5. Kasama sa suporta sa tahanan at personal na pangangalaga ang mga serbisyong kailangan para mapanatili ang kalinisan ng tahanan, kalinisan at kaligtasan ng kapaligiran at pagbibigay ng mahalagang pangangalaga sa indibiduwal. Kasama sa mga serbisyo ang suporta sa mga gawain sa bahay, tulad ng pagpaplano at paghahanda ng pagkain, pangangasiwa ng pera (personal na pera, pagpaplano, pagbabadyet at pagpapasya), at pagpapalaba. Kasama rin dito ang mabibigat na gawaing bahay tulad ng paglilinis ng mga sahig, bintana at dingding, pag-aayos ng mga wala sa pwestong basahan at natatanggal na mga tiles, paglilipat ng mabibigat na bagay o muwebles para maging ligtas ang pagpasok at paglabas, ganun din ang maliliit na pagkukumpuni tulad ng mga bagay na magagawa ng isang karpentero. Ang mabibigat na gawaing bahay at mga serbisyo na maaaring gawin ng isang karpentero ay makukuha lamang kapag hindi kayang gawin ng kasali o ng sinumang nasa bahay ang serbisyong iyon. Ibibigay lamang ang serbisyo sa mga pagkakataon kung saan hindi kayang gawin o suportahan ng pera ng indibiduwal o ng sinumang nasa bahay ang

gawaing iyon, at walang ibang kamag-anak, caregiver, nagpapaupa, ahensya sa komunidad/boluntaryo, o ikatlong partidong tagapagbayad ang may kakayahan o pananagutan sa pagbibigay ng mga ito. Sa kaso ng pagrenta ng ari-arian, ang pananagutan ng nagpapaupa, tagapagtaguyod ng kasunduan sa pagpapaupa, ay susuriin bago gawin ang anumang pagpapahintulot ng serbisyo. Hindi magkakaroon ng dalawang bayarin ang maybahay o iba pang katulad na personal na pangangalaga/serbisyong tulong.

6. Kasama sa suporta ang paglalaan ng serbisyong pangangalagang medikal at kalusugan na mahalaga sa pagtugon sa pang-araw-araw na pangangailangan ng kasali (hal., rutinang pangangasiwa ng pagpapainom ng gamot o pag-aasikaso ng mga kailangan ng kasali na may sakit o kailangan ng atensyon sa pangangailangang medikal na kailangang tuloy-tuloy.) Ang mga serbisyong medikal at pangangalagang pangkalusugan tulad ng mga serbisyo ng doktor na hindi rutinang ibinibigay para matugunan ang mga pang-araw-araw na pangangailangan ng kasali, ay hindi ibinibigay.

7. Suporta at pagsasanay para sa sanggol at pangangalagang pambata para sa mga magulang na kasali o magiging magulang pa lamang.

Ang mga tagpo kung saan ibinibigay ang mga Suportang Pamumuhay sa Komunidad kung mayroon ng lahat ng sumusunod na kalidad:

1. Pinagsama-sama ang tagpo at sumusuporta sa lubusang access sa mas malaking komunidad ng mga indibiduwal na tumatanggap ng Medicaid HCBS, kabilang ang oportunidad na makahanap ng hanapbuhay at trabaho sa isang nagpapaligsahang pinagsama-samang mga tagpo, makasali sa buhay sa komunidad, at makatanggap ng mga serbisyo sa komunidad, sa katulad na antas ng pag-access ng mga indibiduwal na hindi tumatanggap ng Medicaid HCBS.
2. Ang tagpo ay pinili ng indibiduwal mula sa mapagpipiliang tagpo kabilang na ang mga tagpong espesipiko para sa walang kapansanan at isang opsyon para sa pribadong yunit sa isang tagpong pangresidensyal.
3. Tinitiyak ang mga karapatan sa pagkapribado ng indibiduwal, dignidad at respeto, at kalayaan laban sa pamimilit at pamimigil.
4. Pinabubuti, pero hindi istrikto, ang pagkukusa ng indibiduwal, pagsasarili, at pagiging hindi umaasa sa iba sa mga pagpili sa buhay, kasama na ngunit hindi limitado sa, pang-araw-araw na mga gawain, pisikal na kapaligiran, at sino ang makakasalamuha.
5. Pinadadali ang pagpili ng indibiduwal may kinalaman sa mga serbisyo at suporta, at kung sino ang magbibigay sa kanila.

Sa isang tagpo na pag-aari o kontroladong residensyal ng provider, karagadagan pa sa mga kalidad na tinukoy sa itaas, dapat na matugunan ang mga sumusunod na karagdagang kundisyon:

• Ang yunit o tirahan ay isang espesipikong pisikal na lugar na maaaring ariin, rentahan, o okupahin sa ilalim ng kasunduang legal na naipatutupad ng indibiduwal na tumatanggap ng mga serbisyo, at ang indibiduwal ay may di bababa sa kaparehong pananagutan at proteksyon laban sa pagpapalayas na taglay ng mga nangungupahan sa

ilalim ng landlord/tenant law ng Estado, county, lungsod, o iba pang nakatalagang entidad.

1. Bawat indibiduwal ay may privacy sa kanilang tinutulugan o tinitirhang unit:
- Ang mga yunit ay may pasukang pinto na naikakandado ng indibiduwal, na ang angkop na tauhan lamang ang may hawak ng susi ng mga pinto.
- Ang mga indibiduwal na naghahati sa yunit ay makakapili ng kasama sa kuwarto sa gayong tagpo.
- May kalayaan ang indibiduwal na lagyan ng gamit at dekorasyonan ang kanilang tinutulugan o tinitirhang yunit sa loob ng panahong inuupahan ito o sa iba pang kasunduan.

2. May kalayaan at suporta ang indibiduwal na kontrolin ang kanilang mga sariling eskedyul at aktibidad, mayroong access sa pagkain anumang oras.

3. Ang mga indibiduwal ay maaaring tumanggap ng mga bisita kung sino man ang gusto nila, anumang oras.

4. Madaling marating ng indibiduwal ang tagpo.

5. Ang yunit o tirahan ay maaaring ibahagi ng hindi lalampas sa apat na kasali sa waiver.

6. Anumang pagbabago sa karagdagang mga kundisyon na tinukoy sa mga item 1 hanggang 4 na nasa itaas ay dapat na suportado sa pamamagitan ng espesipikong sinuring pangangailangan at binigyang-katwiran sa individual program plan (IPP). Ang mga sumusunod na kahilingan ay dapat na idokumento sa (IPP).

• Tukuyin ang espesipiko at pang-indibiduwal na sinuring pangangailangan.
• Idokumento ang mga positibong pamamagitan at suportang ginamit bago gawin ang anumang pagbabago sa IPP.
• Idokumento ang hindi gaanong mapanghimasok na mga pamamaraan ng pagtugon sa pangangailangan na sinubukan pero hindi nagtagumpay.
• Magsama ng malinaw na paglalarawan ng kalagayan na tuwirang bumabagay sa espesipikong sinuring pangangailangan.
• Kasama ang regular na pangongolekta at pagrerepaso ng data para sukatin ang patuluyang pagiging epektibo ng pagbabago.
• Kasama ang nakatatag na hangganan ng panahon para sa pana-panahong mga pagrepaso para tiyakin kung kailangan pa rin ng pagbabago o maaari nang tapusin.
• Kasama ang may kaalamang pagpapapahintulot ng indibiduwal.
• Kasama ang katiyakan na ang pamamagitan at suporta ay hindi makakasama sa indibiduwal.

Karagdagan pa, ang mga pasilidad na pag-aari o inuupahan ng provider kung saan ginagawa ang mga serbisyong ito ay dapat na nakakasunod sa Americans with Disabilities Act.

Ang paraan kung saan ang mga gastos sa kuwarto at tuluyan ay hindi kasama sa babayaran para sa ganitong serbisyo na tinukoy sa Appendix I-5.

Suporta at Pamamagitan sa Krisis

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Ang Suporta at Pamamagitan sa Krisis ay isang espesyal na serbisyo na nagbibigay ng panandaliang pangangalaga at pamamagitan sa pag-uugali para magbigay ng kaginhawahan at suporta ng caregiver at proteksyon para sa kasali o iba pang nakatira kasama ng kasali. Maaaring kasama sa serbisyong ito

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

ang paggamit at pagpapaunlad ng malawakang mga programa ng pamamagitan sa pag-uugali para pasulungin ang pagpapaunlad at pagsubaybay at pag-analisa sa pag-uugali ng kasali. Ipininagbabawal ang serbisyong ito sa pangkalahatang tinatanggap, na nakabatay sa ebidensya, na positibong pagharap.

Dinisenyo ang serbisyong ito para tulungan ang mga kasali sa pagkuha, pagpapanatili at pagpapasulong ng pagtulong-sa-sarili, mga kasanayan sa pakikisalamuha at pakikibagay na kailangan para sa matagumpay na pagtira sa tahanan at mga tagpo na pangkomunidad. Maaaring ibigay ang serbisyo sa mga miyembro ng pamilya kung ito ay para sa kapakinabangan ng kasali. Maaaring kasama sa mga serbisyo sa mga miyembro ng pamilya ang pagsasanay at pagtuturo tungkol sa mga gawain sa paggagamot, kabilang ang pagsasanay sa paggamit ng mga gamot, at mga estratehiya ng pangangasiwa ng panganib na magpapangyari masuportahan ng pamilya ang kasali. Ang pakikibahagi ng (mga) magulang ng minor na mga anak ay napakahalaga sa ikatatagumpay ng programang pamamagitan sa pag-uugali.

Tinitiyak ng pangkat ng pagpaplanong nakasentro-sa- tao ang sukdulan ng pakikibahagi na kailangan para matugunan ang mga pangangailangan ng indibiduwal. Kasama sa Crisis Intervension and Suport ang mobile crisis intervention sa tahanan ng kasali, at/o komunidad kung saan kailangan ng mga serbisyong crisis intervention. Ang ibig sabihin ng mobile crisis intervention ay agarang terapyutikong pamamagitan sa 24-oras na emerhensyang basihan sa isang kasali na kinakikitaan ng malalang problema sa personal, panlipunan, at/o sa pag-uugali. Nagbibigay ang mobile crisis intervention ng agaran at may limitadong panahong propesyonal na tulong sa isang kasali na nakakaranas ng mga problemang personal, panlipunan o pag-uugali na kung hindi bubuti, ito ay lulubha at kakailanganin ng kasali na ilipat sa isang lugar na kailangan ng karagdagang serbisyo.

Tulad ng kinakailangan, ang Crisis Intervention and Support ay binubuo ng mga sumusunod na aktibidad na espesipiko sa kasali:
1. Pagsusuri para tiyakin kung ano ang dahilan na nagdudulot ng krisis.
2. Ang pagpapaunlad ng planong pamamagitan sa pakikipagtulungan sa pangkat ng pagpaplano.
3. Konsultasyon at pagsasanay sa tauhan sa service provider hangga’t kailangan para matiyak ang matagumpay na pagpapatupad ng espesipikong planong pamamagitan ng kasali.
4. Pangongolekta ng data ng mga estratehiya sa pag-uugali at pagsusumite ng gayong data sa caregiver o provider para maisama sa mga ulat ng pagsulong.
5. Pakikibahagi sa anumang kinakailangang klinikal na mga pagpupulong.
6. Paglilinang at pagpapatupad ng planong paglipat para tulungan ang kasali na bumabalik sa tahanan kung may ibinigay na out-of-home crisis intervention.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

7. Tuloy-tuloy na teknikal na tulong sa caregiver o provider sa pagpapatupad ng planong pamamagitan na binuo para sa kasali.
8. Probisyon ng mga rekumendasyon para maiwasan o mabawasan ang mga krisis na sitwasyon sa hinaharap para tumaas ang tsansa ng kasali na makapanatili sa komunidad.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Mga Serbisyong Pangngipin

Binigyang-kahulugan ang mga serbisyong pangngipin sa Title 22, California Code of Regulations, Section 51059 bilang propesyonal na mga serbisyong isinasagawa o ibinibigay ng mga dentista kabilang na ang diagnosis at paggagamot ng tabinging ngingipin, ng sira o mga depektibong alveolar process, giligid, panga at nakadikit dito; ang paggamit ng mga gamot, mga anestisya at pagsusuri sa pisikal; mga konsultasyon; pagtawag sa bahay, opisina at institusyon.

Lahat ng pangangailangang medikal na mga serbisyong dental para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT. Ang mga serbisyong dental sa waiver na ito ay ibinibigay lamang sa mga indibiduwal na edad 21 pataas at ibibigay lamang kapag naubos na ang limitasyon ng mga serbisyong dental na naipagkaloob sa ilalim ng aprubadong plano ng estado. Ang mga serbisyong dental sa aprubadong plano ng estado ay limitado sa
$1800 taunan o ayon sa halaga na tiniyak na pangangailangang medikal.

Mga Suportang Hanap-buhay

Ibinibigay ang ganitong serbisyo sa mga kasali na nababagay sa kanilang espesipikong personal na mga resulta na nauugnay sa pagtatamo, pagpapasulong, pagpapanatili ng mga kasanayan at abilidad para ihanda at suportahan sila para sa pakikibahagi sa komunidad, pagiging umaasa sa isa't isa, at pagiging hindi umaasa sa iba, at/o trabahong pinagsama-sama sa komunidad.
Sinusuportahan ng serbisyong ito ang lubos na access sa komunidad ng kasali na nakakatanggap ng mga serbisyo para humanap ng hanapbuhay at trabaho sa nagpapaligsang pinagsama-samang mga tagpo.

Pinipili ng kasali ang ganitong serbisyo mula sa mapagpipiliang serbisyo, kabilang ang mga tagpong espesipiko para sa walang kapansanan. Ang mga opsyon sa serbisyo ay batay sa mga kagustuhan at pangangailangang pang-indibiduwal ng kasali. Natatanggap ng kasali ang serbisyong ito sa mga tagpo na pinagsama-sama at sumusuporta sa lubos na access sa mas malaking komunidad, na nagpapangyaring maging komportable ang kasali,
umaasa sa isa't isa, hindi umaasa sa iba, mga kagustuhan, at paggamit ng anumang teknolohiya. Ang mga pagpili ng kasali ay isinama sa mga serbisyo at suporta at ng kanyang mahahalagang personal na karapatan sa pagkapribado, dignidad at respeto, at napoprotektahan ang kalayaan laban sa pamimilit. Dapat na may kontrol ang kasali ay sa personal na mga pag-aari sa mga lugar kung saan natatanggap ang serbisyo. Karagdagan pa, dapat na nakakatanggap ng mga pahinga ang kasali sa mga lugar kung saan natatanggap ang serbisyo, sa paraang kapareho ng indibiduwal na

walang kapansanan.

Ang mga suportang hanapbuhay ay dinisenyo sa paraang pang-indibiduwal at inilalaan sa paraang kagaya ng nilinaw ng pangkat ng pagpaplano para tulungan ang mga kasali na makakuha at makapanatili sa trabaho, kabilang ang sariling hanapbuhay, sa mga lugar ng trabahong pinagsama-sama sa komunidad para matamo ang mga resultang personal na binigyang-kahulugan ng kasali. Ang intensyong resulta ng ganitong serbisyo ay napapanatiling may sweldong hanap-buhay sa o mataas sa minimum na pasahod sa isang pinagsama-samang tagpo sa pangkalahatang manggagawa, sa isang trabaho na tumutugon sa personal na tunguhin sa karera. Hindi kasama sa serbisyong ito ang bayad para sa pagsasanay sa superbisyon, suporta at pakikibagay na karaniwang makukuha

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

ng iba pang nagtatrabahong mga manggagawa na walang kapansanan sa katulad na mga posisyon sa negosyo. Kasama rin sa ganitong mga serbisyo at suporta ang mga aktibidad na nauugnay sa pagdiskubre ng trabaho, sariling hanapbuhay, at pagritero.

Maaaring tumanggap ang kasali ng kombinasyon ng mga Suportang Hanapbuhay, kasama na ang:

a. Pagpapaunlad ng mga kakayahang pisikal, hal., mga alalahanin sa kalusugan.
b. Pagpapaunlad ng mga kasanayan sa psychomotor.
c. Pagpapaunlad ng mga kasanayan sa interpersonal, handang makipag-usap/pakikipagkapwa at pakikibagay, hal., angkop na tumutugon sa mga superbisor/kamanggagawa.
d. Pagpapaunlad ng mga kinagawian sa trabaho, hal., pagiging presente at pagiging nasa oras, pagpokus sa mga gawain.
e. Pagpapaunlad ng angkop para sa bokasyonal na pananamit at pag-aayos.
f. Pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagiging produktibo, tulad ng, pagkamit ng istandard ng pagiging produktibo at mga resultang de-kalidad.
g. Pagsasanay sa pagsasagawa ng trabaho, hal., pagsunod sa mga tagubilin, pagkompleto ng mga gawain.
h. Pagpapaunlad ng mga kasanayan na may kaugnayan sa trabaho, hal., paglutas ng problema, pagpaplano ng landasin para sa mga opurtinidad na hanapbuhay sa hinaharap.
i. Pangangasiwa ng pera at mga kasanayan sa pag-uulat ng kita.
j. Pagpapaunlad at paggamit ng mga suportang natural na trabaho.
k. Mga pamamaraan na pagsasama-sama ng manggagawa.
l. Pagpapaunlad ng pagsasama-sama sa komunidad/pagbuo ng relasyon.
m. Mga pangkaligtasang kasanayan at pagsasanay.
n. Mga kasanayan sa pagdiskubre ng trabaho, paghahanap ng trabaho, at pag-iinterbyu.
o. Pagsasanay sa pagtataguyod-sa-sarili, pagpapayo sa kasali, bokasyonal na pagpapayo sa kasama, pagpapayo sa karera, at pakikibahagi sa samahan ng magkakasama.
p. Pagboboluntaryo para tulungan ang isa na humanap ng trabaho o mga interes sa karera.
q. Pang-indibiduwal na pagsusuri.
r. Pag-analisa ng trabaho, paglilinang ng paglalagay ng trabaho na nagreresulta ng angkop na trabaho na tugma para sa kasali at employer.
s. Direktang superbisyon o pagsasanay habang ang kasali ay nakikibahagi sa pinagsama-samang trabaho.
t. Paggabay sa trabaho na ibinibigay sa loob o sa labas ng lugar ng trabaho.
u. Pagpapayo sa kasali/pamilya at/o awtorisadong kinatawan para matiyak na susuportahan ng kasali ang pagbabago sa trabaho o ang pagpaplano sa pagretiro.

v. Pagpapayo sa pagpaplano ng mga benepisyo para matiyak na nauunawaan ng konsyumer ang kaugnayan sa pagitan ng naipong kita at ng natatanggap na pampublikong mga benepisyo tulad ng SSI, SSA, Medi-Cal, at PASS Plans.
w. Pagkonsulta sa Human Relations staff ng employer.
x. Pagtaya ng pangangailangan para sa teknolohiya at pagpapadali ng pagkuha ng mga tulong sa komunikasyon at teknolohiya.

y. Pagpapasadya ng trabaho, hal., kaunting pagbabago sa mga materyales sa trabaho, mga pamamaraan, at mga protokol.
z. Sariling hanapbuhay at pagpapaunlad ng negosyo, tulad ng pagtukoy ng potensyal na mga oportunidad sa negosyo, pagpapaunlad ng plano sa negosyo, pagtukoy ng mga suportang kailangan, patuluyang tulong at suporta.

Ang transportasyon mula sa tirahan ng kasali papunta sa kanilang lugar ng hanapbuhay ay hindi bahagi ng ganitong serbisyo. Hindi maibibigay ang mga serbisyo at suportang inilarawan sa itaas kapag ito ay available sa ilalim ng programa na pinupondohan sa ilalim ng §110 of the Rehabilitation Act of 1973 (29 U.S.C. 730) o §602(16) and (17) ng mga Individuals with Disabilities Education Act (IDEA.)(20 U.S.C. 1401 (16 and 17)).

Mga Pagbabagay para Marating ang Paligid (Environmental Accessibility Adaptations)

Ang gayong pisikal na pagbabagay sa tahanan ng kasali, na hinihiling ng IPP ng indibiduwal, na kailangang para matiyak ang kalusugan, kapakanan at kaligtasan ng indibiduwal, o nagpapahintulot sa indibiduwal na makagalaw nang may higit na kalayaan sa tahanan, at kung wala nito, manganganib ang indibiduwal na madala sa institusyon. Pinapayagan lamang ang ganitong mga serbisyo kapag hindi ang entity (tulad ng nagpapaupa) ang responsable sa paggawa ng kailangang pagbabagay.
Maaaring kasama sa gayong pagbabagay ang paglalagay ng mga rampa at hawakan, pagpapalapad ng pintuan, kaunting pagbabago sa mga pasilidad ng banyo, o pagkakabit ng espesyal na elektroniko at mga sistema ng tubo na kailangan para magkaroon ng pwesto ang medical equipment at mga suplay. Ang mga ito ay kailangan para sa kapakanan ng indibiduwal. Kung sakaling pinapayagan ang gayon, ang iba pang environmental accessibility adaptations at mga pagkukumpuni ay maaaring aprubahan depende sa kaso bilang mga pagbabago sa teknolohiya o bilang pagbabago sa mga pangangailangang pampisikal at pangkapaligiran ng kasali.
Hindi kasali ang gayong mga pagbabagay o mga pagpapabuti sa tahanan na pangkalahatang utility, at hindi tuwirang medikal o remedyal na pakinabang sa indibiduwal, tulad ng paglalagay ng carpet, pagkumpuni ng bubong, central air conditioning, atbp.. Lahat ng serbisyong ito ay ibibigay alinsunod sa angkop na mga kodigo ng pagtatayo sa Estado o lokal.
• Maaaring kailangang gumawa ng mga pagbabago sa paligid ng tahan ng indibiduwal bago ang kanyang paglipat mula sa isang institusyon tungo sa komunidad. Ang gayong bahagyang mga pagbabago ay maaaring gawin habang ang taong iyon ay nasa institusyon. Ang kaunting pagbabago ng paligid, na kasama sa plano ng pangangalaga ng indibiduwal, ay maaaring ibigay hanggang 180 araw bago ilabas sa institusyon ang indibiduwal. Gayunman, ang gayong kaunting pagbabago ay hindi itituring na tapos na hanggang sa petsa kung kailan lalabas sa institusyon ang indibiduwal

at nakatala na sa waiver.

Mga Serbisyong Suportang Pampamilya

Regular na pangangalagang ibinibigay at superbisyon sa mga bata, para sa yugtong hindi lalampas sa 24 na oras sa isang araw, habang wala sa bahay ang mga magulang/pangunahing hindi inuupahang caregiver. Ang ganitong serbisyo ay ibinibigay sa sariling tahanan ng tumatanggap nito o sa isang aprubadong lokasyon

sa labas ng tahanan para gawin ang lahat ng sumusunod:

1. Tulungan ang mga miyembro ng pamilya na mapanatili sa tahanan ang tumatanggap;
2. Magbigay ng ankop na pangangalaga at superbisyon para protektahan ang kaligtasan ng tumatanggap kapag wala ang miyembro ng pamilya;
3. Halinhan ang mga miyembro ng pamilya mula sa tuloy-tuloy at mabigat na pananagutan ng pag-aalaga sa tumatanggap; at
4. Pag-aasikaso ng pangunahing mga kailangan sa pagtulong-sa-sarili ng tumatanggap at gawain sa pang-araw-araw na buhay, kasama na ang pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, pagpapatuloy ng karaniwang pang-araw-araw na rutina na karaniwang ginagawa ng mga miyembro ng pamilya.

Maari lamang gawin ang pagbayad ng mga serbisyong suporta sa pamilya kapag ang gagastusin ay lalampas sa magagastos sa ibibigay na serbisyo sa isang taong kasing edad na walang kapansanan.

Pagsasanay sa Pamilya/Konsyumer

Ibinibigay ang mga serbisyong pagsasanay at suporta sa konsyumer/pamilya, hangga't kailangan, kasabay ng pinalawig na mga plano ng serbisyo ng estado sa waiver na ito. Kasama sa mga serbisyong ito ang pagsasanay ng mga lisensyadong provider para mamantini o mapagbuti ang pangmatagalang epekto ng ibinigay na gamutan. Kasama dito ang suporta o pagpapayo para sa konsyumer at/o pamilya para tiyaking nauunawaang mabuti ang ibinigay na gamutan at anong mga suporta ang kailangan sa tahanan ng tumatanggap para mapagbuti ang gamutan.

Ipagkakaloob ang mga serbisyong ito sa mga indibiduwal na nasa edad 21 pataas.

Financial Management Services

Tumutulong ang serbisyong ito sa pamilya o kasali na: (a) mapangasiwaan at magabayan ang pagbabayad ng mga pondo na kasama sa indibiduwal na badyet ng kasali, at tiyakin na may pinansyal na pag-aari ang kasali para maipatupad ang kanyang Individual Program Plan (IPP) sa buong taon; (b) mapadali ang pagkakaroon ng hanapbuhay ng mga service provider ng pamilya o kasali, ng alinman sa fiscal agent o kapwa employer ng kasali, sa paggawa ng gayong pananagutan ng employer kasama na, ngunit hindi limitado sa, pagpoproseso ng payroll, withholding tax ng pederal na estado at lokal at pagbabayad ng buwis sa angkop na awtoridad sa buwis; at, (c)pagsasagawa ng fiscal accounting at pag-uulat sa kasali o pamilya ng mga ginastos at iba pa ayon sa hinihingi.

Kasama sa serbisyong ito ang mga sumusunod na aktibidad para tulungan ang kasali sa kanilang papel bilang employer o

kapwa employer.

1. Pagtulong sa kasali na patunayan ang pagiging karapat-dapat ng manggagawa para sa trabaho at mga kwalipikasyon ng provider
2. Pagtiyak na ang mga service provider na kinalap ng kasali ay nakakatugon sa criminal background checks ayon sa hinihingi at hinihiling ng kasali.

3. Nangongoleta at nagpuproseso ng mga timesheet ng mga manggagawa.
4. Nagpoproseso ng payroll, withholding, nagpa-file at nagbabayad sa pederal, estado at lokal ng angkop na mga buwis at insurance na nauugnay sa trabaho.
5. Sumusubaybay, naghahanda at namamahagi ng mga report (hal., gastusin) sa angkop na (mga) indibiduwal/entity.
6. Nagmamantini ng lahat ng pinagmumulan ng dokumentong nauugnay sa awtorisadong (mga) serbisyo at gastusin.
7. Nagmamantini ng hiwalay na accounting para sa bawat pondong pinangangasiwaan ng kasali.
8. Nagbibigay sa kasali at sa service coordinator ng regional center ng buwanang statement ng indibiduwal na badyet na naglalarawan ng halaga ng mga pondo na nakalaan ayon sa kategorya ng badyet, ng halaga ng ginastos sa nakaraang 30-araw na yugto, at ng halaga ng pondong available pa sa ilalim ng indibiduwal na badyet ng kasali.
9. Tumitiyak na ang mga pagbabayad ay hindi lalampas sa halaga na nakabalangkas sa inidibiduwal na badyet ng kasali.
10. Gumaganap sa ibang mga pananagutan ng FMS gaya ng ipinag-uutos ng lokal, estado at pederal na mga batas at regulasyon.

Katulong sa Kalusugan sa Tahanan (Home Health Aide)

Ang mga serbisyong home health aide na inilarawan sa 42 CFR §440.70 ay ibinibigay lamang sa mga indibiduwal na edad 21 pataas kapag ang limitasyon ng mga serbisyong home health aide na ipinagkaloob ay ubos na sa ilalim ng aprubadong plano ng Estado. Ang mga serbisyong pantulong sa kalusugan sa ilalim ng plano ng estado ay limitado sa halagang tiniyak na pangangailangang medikal. Lahat ng pangangailangang medikal na mga serbisyong home health aide para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT. Ang saklaw at uri ng ganitong mga serbisyo ay hindi naiiba sa mga serbisyong home health aide na ipinagkakaloob sa ilalim ng plano ng Estado. Binibigyang-kahulugan ang mga serbisyo sa paraang kapareho ng inilaan sa aprubadong plano ng Estado. Ang mga kwalipikasyon ng provider na nilinaw sa plano ng Estado ay naangkop.

Maybahay

Ang mga serbisyo na binubuo ng pangkalahatang mga gawain sa loob ng bahay (paghahanda ng pagkain at rutinang pangangalaga ng bahay) na inilaan ng indibiduwal na may kinakailangang kasanayan para maisagawa ang mga tungkulin ng maybahay na nilinaw sa IPP ng kasali kapag pansamantalang wala ang indibiduwal na regular na gumagawa ng mga gawaing ito o hindi mapapangasiwaan ang tahanan at hindi maaalagaan ang kanyang sarili o ang iba sa tahanan.

Mga Suportang Pag-access sa Pabahay (Housing Access Supports)

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Kasama sa Housing Access Services ang dalawang bagay:
A) Individual Housing Transition Services. Ang mga serbisyong ito ay:

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

1. Pagsasagawa ng pag-iimbistiga sa nangungupahan at housing assessment na tutukoy sa mga kagustuhan ng kasali at mga hadlang na nauugnay sa matagumpay na pangungupahan. Kasama sa pagtaya ang pangongolekta ng impormasyon sa potensyal na mga hadlang sa paglipat ng bahay, at pagtukoy ng mga hadlang sa pamamalagi sa pabahay.
2. Pagpapaunlad ng pang-indibiduwal na planong suporta sa pabahay batay sa pagtaya sa pabahay na lulutas sa tinukoy na mga hadlang, kasama dito ang pansamantala at pangmatagalang maabot na mga tunguhin para sa bawat isyu, itinatatag ang paraan ng pag-abot ng tunguhin ng kasali, at tinutukoy kapag may ibang provider o serbisyo, parehong ibabalik at hindi ibabalik ang bayad ng Medicaid, ay maaaring kailangan para maabot ang tunguhin.
3. Pagtulong sa indibiduwal sa pagproseso ng aplikasyon para sa pabahay. Pagtulong sa indibiduwal sa pagproseso ng paghahanap ng pabahay.
4. Pagtulong sa indibiduwal sa pagtukoy ng mga mapagkukunan para mapagtakpan ang mga bayad sa pagkakabit ng utility o service access, kasama na ang telepono, kuryente, pagpapainit at tubig, at mga serbisyong kailangan para sa kaligtasan at kalusugan ng indibiduwal, na may kasamang pagpuksa sa mga peste at minsanang paglilinis bago ito okupahan.
5. Pagtulong sa indibiduwal sa pagkoordina ng mga mapagkukunan para matukoy at mabigyang-pansin ang mga kalagayan ng kapaligiran bago lumipat, at maaaring kasama rito ang kaligtasan ng konsyumer.
6. Pagtulong sa indibiduwal sa mga detalye ng paglipat, kasama na ang pakikipag-usap sa nagpapaupa para makipagnegosasyon sa petsa ng paglipat, pagbasa at pag-unawa ng mga tuntunin ng pagpapaupa, pagsasaayos ng eskedyul ng mga utility at serbisyo, at pagsasaayos ng paglipat ng mga gamit ng konsyumer.
7. Pagpapaunlad ng crisis plan ng suporta sa pabahay na may kasamang mga serbisyong pag-iwas at maagang pamamagitan kapag namiligro ang pabahay.

B) Individual Housing & Tenancy Sustaining Services - Ang ganitong serbisyo ay ginawang available para sumuporta sa mga indibiduwal para panatili ang pangungupahan sa sandiling naisegurado na ang pabahay. Ang pagiging available ng tuloy-tuloy na mga serbisyong nauugnay sa pabahay, karagdagan pa sa ibang pangmatagalang mga serbisyo at suporta na nagsusulong ng matagumpay na pabahay, pinagyayaman ang pagsasama-sama at pagiging kabilang sa komunidad, at nagpapaunlad ng mga network ng likas na suporta. Ang mga serbisyong suporta sa pangungupahan ay:

1. Pagbibigay sa indibiduwal ng maagang pagtukoy at pamamagitan sa pag-uugali na maaaring makasira sa pagtira sa pabahay, tulad ng atrasadong pagbabayad ng renta at iba pang mga paglabag sa pag-upa.
2. Pagbibigay sa indibiduwal ng ekukasyon at pagsasanay sa papel, mga karapatan at pananagutan ng nangungupahan at nagpapaupa.
3. Pagtuturo sa indibiduwal ng pagpapaunlad at pagmamantini ng mahalagang relasyon sa mga nagpapaupa/mga manedyer ng ari-arian na may tunguhing pagyamanin ang matagumpay na pangungupahan.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

4. Pagtulong sa indibiduwal na malutas ang mga hindi pagkakaunawaan sa mga nagpapaupa at/o mga kapitbahay para mabawasan ang panganib na mapalayas o iba pang malalang aksiyon.
5. Pagbibigay sa indibiduwal ng pagtataguyod at pag-uugnay sa mga mapagkukunan ng komunidad para maiwasan na mapalayas kapag ang malamang na mamiligrong masira ang pangungupahan.
6. Pagtulong sa indibiduwal sa pagproseso ng muling pagpapasertipiko ng pabahay.
7. Pakikipagkoordina sa nangungupahan para repasuhin, i-update o bahagyang baguhin ang kanilang housing support at crisis plan nang regular para

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Makita ang kasalukuyang mga pangangailangan at maasikaso ang kasalukuyan o paulit-ulit na mga hadlang sa pagpapanatili ng pabahay.
8. Paglalaan sa indibiduwal ng patuluyang pagsasanay sa pagiging mabuting nangungupahan at pagsunod sa pagpapaupa, kasama na ang tuloy-tuloy na mga gawaing nauugnay sa pangangasiwa ng sambahayan.

Hindi kasama sa Housing Access Service ang pagbabayad ng kuwarto at tuluyan.

Ang mga taong nakakatanggap ng mga serbisyong Health Homes o California Community Transition ay hindi makakatanggap ng ganitong mga serbisyo malibang kailangan ang karagdagang Housing Access sa pamamagitan ng waiver para mapanatili ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan sa tahanan at/o komunidad.

Independiyenteng Tagapagpadali ng Gawain (Independent Facilitator)

Ang Independent Facilitator ay nangangahulugang isang tao na pinili at ginagabayan ng kasali, na hindi nagbibigay ng mga serbisyo sa kasali alinsunod sa kanyang IPP. Ang serbisyo at gawain ay para tulungan ang kasali na magplano at ma-access ang mga serbisyo para maipatupad ang kinakailangang mga serbisyong tinukoy sa IPP ng kasali. Maaaring kasama sa serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa:
1. Pakikibahagi sa proseso ng pagpaplanong nakasentro-sa-tao.
2. Pagtukoy sa agaran at pangmatagalang mga pangangailangan, kagustuhan, tunguhin at layunin ng kasali para sa pagpapaunlad ng IPP.
3. Paggawa ng may kaalamang pagpapasya tungkol sa iyong indibiduwal na badyet.
4. Bubuo ng mga opsyon para matugunan ang tinukoy na agaran at pangmatagalang mga pangangailangan at ma-access ang mga serbisyo sa komunidad at mga suportang tinukoy sa IPP.
5. Magtataguyod sa ngalan ng kasali sa proseso ng pagpaplanong nakasentro-sa-tao at pagpapaunlad ng IPP, pagkuha ng tinukoy na mga serbisyo at suporta.

Maaaring mag-hire ang kasali/pamilya o makipagkontrata sa IF, at tutukuyin sa IPP ang mga aktibidad na isasagawa ng IF. Maaaring piliin ng kasali na gamitin ang kanyang service coordinator sa regional center para gampanan ang mga gawain ng IF, sa halip na kumontrata, o gumamit ng serbisyo ng independent facilitator. Hindi dinudoble ng ganitong serbisyo ang mga serbisyo na ibinibigay ng service coordinator ng kasali.

Pagsasanay at Edukasyon ng Indibiduwal

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Kasama sa Individual Training and Education Services ang mga programa ng pagsasanay, mga workshop at conference na tutulong sa kasali sa pagtatamo ng pagbuo ng mga kasanayan na nauugnay sa kanyang pananagutan bilang employer, pagbuo ng ugnayan, paglutas ng

problema at paggawa ng pagpapasya. Tumutulong ang serbisyong ito sa kasali na magkaroon ng mga kasanayan na magpapadali sa mga kasanayang pagtataguyod-sa-sarili ng kasali, magamit ang mga karapatang pantao at sibil ng kasali, at magkaroon ng kontrol at pananagutan sa kanilang mga serbisyo at suporta ng SDP.
kasama sa mga serbisyong ito ang bayad sa pagpapatala, mga aklat at iba pang pag-aari/reperensyang materyal na kailangan para sa pakikibahagi sa indibiduwal na pagsasanay at edukasyon, at mga gastusin sa transportasyon, hindi kasama ang pasahe sa eroplano, na kinakailangan. Hindi kasama sa serbisyong ito ang gastos sa mga pagkain o pananatili ng magdamag sa isang tuluyan. Ang mga kailangang suporta o tunguhin ng Individual Training and Education na tinukoy sa IPP ng kasali.
Hindi ibinibigay ang serbisyong ito kapag ang pondo ay nakukuha sa pamamagitan ng Public Education gaya ng kinakailangan sa IDEA (P.L. 105-17, the IDEA). Bago ang pag-access sa pondo para ganitong serbisyo, ang lahat ng available at angkop na pinagmumulan ng pondo kasama na ang mga iniaalok ng Departments of Rehabilitation or Education ay dapat na tuklasin at ubusin muna. Ang ganitong mga pagsisikap ay dapat na idokumento sa file ng kasali.
Hindi dinudoble ng serbisyong ito ang mga aktibidad na ibinibigay ng Independent Facilitator waiver service o Case Management. Wala sa case management o Independent Facilitator waiver service ang kasama sa probisyon ng pagsasanay o gastos sa mga bayad ng pagpapatala. Higit pa rito, ang mga provider na Independent Facilitator ay maaaring hindi magbigay ng karagdagang mga serbisyo sa kasali. Tinitiyak ng provider ng Financial Management Service na nakakasunod sa ganitong hinihiling.

Mga Lens at Frame

Sinasakop ng serbisyong ito ang inireresetang mga lens at frame para sa mga konsyumer na edad 21 gaya ng inireseta ng doktor at tangi lamang kapag ang limitasyon ng inireresetang mga lens at frame ay naipagkaloob sa ilalim ng aprubadong plano ng estado. Lahat ng pangangailangang medikal na Prescription Lens/Frame para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT.
Ang mga Prescription Lens/Frame sa ilalim ng plano ng estado ay limitado sa mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang at mga residente ng isang nursing home. Ang mga kwalipikasyon ng provider na nakalista sa plano ay naaangkop, at isinama sa waiver request ayon sa reperensya. Hindi papapalitan ng mga inireresetang mga lense at frame ang mga serbisyong available sa pamamagitan ng aprubadong Medicaid State plan o benepisyong EPSDT.

Caregiver na Kasama sa Bahay

Ang caregiver na kasama sa bahay ang maglalaan ng pambayad para sa karagdagang gastos sa renta at pagkain na makatiwirang ipinalagay na walang kaugnayan sa personal caregiver na kasama sa bahay na kasamang nakatira ng

kasali sa iisang bahay. Makukuha lamang ang pambayad na ito kapag ang kasali ay tumatanggap ng personal na pangangalagang suporta at titra sa tahanan na rerentahan, uupahan o aariin nila. Hindi maaaring ipagkaloob ng legal na tagapag-alaga ang serbisyong ito. Ang halaga na babayaran ay tiniyak na kagaya ng nilinaw sa Appendix I-6. Ang pagbabayad ay

Hindi gagawin kapag ang kasali ay nakatira sa tahanan ng caregiver o sa tirahan na pag-aari o inuupahan ng provider ng mga serbisyong Medicaid.

Massage Therapy

Ang Massage Therapy ay batay sa siyensyang manipulasyon ng malalambot na kalamnan ng katawan na ang layunin ay ibalik sa normal ang gayong mga tisyu at ginagawa ito sa pamamagitan ng mau-manong paraan na may kasamang nakapirmi o ginagalaw na pagdiin, paghawak, at/o paggalaw ng katawan. Maibibigay ang massage therapy sa kasali bilang bahagi ng epektibong tuloy-tuloy na pangangalaga sa buong haba ng medikal na kundisyon

Transportasyo na Hindi Pangmedikal

Iniaalok ang serbisyo para maka-access ang kasali sa waiver at mga serbisyo, hanapbuhay, mga aktibidad at mapagkukunan ng Self-Determination Program at makibahagi sa buhay sa komunidad kagaya ng nilinaw sa kanilang Indvidual Program Plan. Ang serbisyong ito ay inaalok bilang karagdagan sa kailangang medikal na transportasyon sa ilalim 42 CFR 431.53 at mga serbisyong transportasyon sa ilalim ng plano ng Estado, na binigyang-kahulugan sa 42 CFR 440.170(a) (kung angkop), at hindi nito papalitan ang mga iyon.
Ang serbisyong transportasyon sa ilalim ng waiver ay iaalok alinsunod sa planong pangangalaga ng indibiduwal at may isasamang katulong sa transportasyon at iba pang tulong na kinakailangan para matiyak na ligtas na maibabyahe ang tumatanggap. Ibibigay ang pribado, espesyal na transportasyon sa mga indibiduwal na ligtas na makaka-access at makagamit ng mga serbisyong pampublikong transportasyon (kapag available). Hangga't posible, gagamit ng likas na mga suporta, tulad ng pamilya, mga kapitbahay, kaibigan, o mga ahensya sa komunidad na makapagbibigay ng ganitong serbisyo nang walang babayaran. Makikipagtulungan ang lahat ng kasali sa service coordinator ng regional center at provider ng Financial Management Services. Pipiliin din ng ilan na makipagtulungan sa isang Independent Facilitator. Ang kasali sa SDP, at isa o lahat ng entity na ito ay titiyak kapag wala nang magamit na likas na mga suporta, tulad ng pamilya, mga kapitbahay, at mga kaibigan at sisimulan na ang may bayad na serbisyo.

Konsultasyong Pangnutrisyon

Kasama sa konsultasyong pangnutrisyon ang paglalaan ng konsultasyon at tulong sa pagpaplano para matugunan ang nutrisyonal at espesyal na dyeta na pangangailan ng kasali. Ang ganitong mga serbisyo ay sadyang pangkonsulta at walang kasamang espesipikong pagpaplano at pamimili o paghahanda ng mga pagkain para sa mga kasali.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Occupational Therapist

Ang mga serbisyong tinatawag na occupational Therapy ay binigyang-kahulugan sa Title 22, California Code of Regulations, Sections 51085, and 51309 bilang serbisyong dinisenyo para maisauli o mapabuti ang kakayahan ng isang tao na gumawa ng pang-araw-araw na gawain sa buhay kapag ang mga kasanayang iyon ay nahahadlangan dahil sa developmental o psychosocial na kapansanan, pisika na karamdaman, o dahil sa katandaan. Kasama sa occupational therapy ang pagsusuri, pagpaplano ng paggamot, paggamot, pagbibigay ng tagubilin at mga serbisyong konsultasyon.
Lahat ng pangangailangang medikal na mga serbisyong occupational therapy para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT. Ang mga serbisyong occupational therapy sa ganitong waiver ay ibinibigay lamang sa mga indibiduwal na edad 21 pataas at kapag naubos na ang limitasyon ng mga serbisyong naipagkaloob sa ilalim ng aprubadong plano ng estado. Ang mga serbisyong occupational therapy sa aprubadong plano ng estado ay limitado lamang sa maximum na dalawang serbisyo sa isang buwan sa kalendaryo o alinman sa kombinasyon ng dalawang serbisyo kada isang buwan mula sa mga sumusunod na serbisyo: audiology, acupuncture, chiropractic, psychology, podiatry at speech therapy o ang halagang natiyak na kinakailangang medikal.

Mga Serbisyong Optometric-Optician

Binigyang-kahulugan ang mga Serbisyong Optometric/Opticain sa Title 22, California Code of Regulations, Sections 51093 and 51090, nang magkahiwalay. Ang mga serbisyong optometric ay nangangahulugang anumang serbisyo na maaaring gawin ng isang optometrist sa ilalim ng mga batas ng estadong ito. Ang dispensing optician ay nangangahulugang indibiduwal o kompanya na nagpupuno ng mga reseta ng mga doktor para sa mga inireresetang lens at katulad na mga produkto at nagsusukat at nag-aangkop ng gayong mga lens at spectacle frame. Awtorisado rin ang dispensing optician na kumilos ayon sa payo, tagubilin at reponsibilidad ng doktor o optometrist may kinalaman sa pagsusukat ng contact lens o mga contact lens.

Lahat ng medikal na kinakailangang mga serbisyong Optometric/Optician para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sinasakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT. Ang mga serbisyong Optometric/Optician sa ganitong waiver ay ibinibigay lamang sa mga indibiduwal na edad 21 pataas at kapag naubos na ang limitasyon ng mga serbisyong Optometric/Optician na naipagkaloob sa ilalim ng aprubadong plano ng estado.
Ang mga serbisyong Optometric/Optician sa ilalim ng plano ng estado ay limitado lamang sa exam sa isang mata kada 24 na buwan, gayunman, maaaring lampasan ang limitasyong ito batay sa pangangailangang medikal. Ang mga kwalipikasyon ng provider na nakalista sa plano ay gagamitin, at isasama sa waiver request ayon sa reperensya.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Mga Produkto at Serbisyo na Pinapatnubayan ng Kasali

Binubuo ang Produkto at Serbisyo na Pinapatnubayan ng Kasali ng mga serbisyo, kagamitan o suplay na hindi sana ibibigay sa pamamagitan ng SDP Waiver o sa pamamagitan ng plano ng Medicaid State na siyang mag-aasikaso sa tinukoy na pangangailangan sa IPP (kasama na ang pag-accommodate,

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Pagpapabuti at pagpapanatili ng mga opurtunidad ng kasali para sa full membership sa komunidad) at matugunan ang mga sumusunod na kahilingan: pababababain ng item o serbisyo ang pangangailangan para sa iba pang mga serbisyong Medicaid; isusulong ang pagiging umaasa sa isa't isa, at pagiging kabilang sa komunidad; pataaasin ang pagiging ligtas ng kasali sa kapaligiran ng tahanan; at ang kasali ay walang personal na pondo para bumili ng item o serbisyo at hindi available ang mga ito sa pamamagitan ng ibang pinanggagalingan ng pondo. Ang mga serbisyong produkto at serbisyo na pinapatnubayan ng kasali ay dapat na idokumento sa Individual Program Plan ng kasali at bilhin gamit ang Indibiduwal na Badyet ng kasali. Hindi kasama dito ang mga paggagamot na pang-eksperimento o ipinagbabawal.

Mga Sistema ng Pagtugon sa Personal na Emerhensya o Personal Emergency Response Systems (PERS)

Ang PERS ay isang 24- na oras na serbisyong emerhensiyang tulong na nagpapangyari makakuha ang tumatanggap ng agarang tulong kapag may nangyaring emerhensiya sa emosyon, pisikal o kapaligiran. Ang PERS ay mga serbisyong dinisenyo para sa indibiduwal para matugunan ang mga pangangailangan at kakayahan ng kasali at kasama dito ang pagsasanay, instilasyon, pagkumpuni, pagmamantini, at pagtugon na pangangailangan. Kasama sa mga pinapayagang serbisyo ang mga sumusunod:

1. 24-Oras na pagsagot/pag-page;
2. Beepers;
3. Mga Med-alert bracelet;
4. Mga Intercom;
5. Mga Life-line;
6. Mga fire/safety device, tulad ng mga aparatong pamatay-sunog (fire extinguisher) at mga hagdan na tali;
7. Mga serbisyong nagsusubaybay;
8. Mga light fixture adaptation (mga ilaw na patay-sindi, atbp);
9. Mga telephone adaptive device na hindi makukuha nang libre mula sa kompanya ng telepono;
10. Iba pang device/serbisyo na dinisenyo para sa emerhensiyang tulong.

Limitado lamang ang mga serbisyong PERS sa mga indibiduwal na walang regular caregiver o kasama sa mga yugto ng panahon, at mga nangangailangan ng mas malaki-laking panahon ng pagbabantay. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng agarang tulong sa pag-access, pinipigilan ng mga serbisyong PERS na maipadala sa institusyon ang gayong mga indibiduwal at hinahayaan sila na makapanatili sa komunidad. Lahat ng item ay tutugon sa mga angkop na pamantayan ng pagawaan, disenyo, at instilasyon. Ang pagkukumpuni at pagmamantini ng gayong mga kagamitan ay gagawin ng awtorisadong dealer ng manufacturer kung posible.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Physical Therapist

Binigyang-kahulugan ng Physical Therapy sa Title 22, California Code of Regulations, Sections 51081, and 51309 bilang mga serbisyo sa anumang kalagayan ng katawan sa pamamagitan ng paggamit ng pisikal, kemikal, at o iba pang katangian ng init, liwanag, tubig, kuryente o tunog, at sa pamamagitan ng masahe at aktibo, pagpigil o hindi kumikilos na ehersisyo. Kasama sa physical therapy ang pagsusuri, pagpaplano ng paggamot, paggamot, instruksyon, mga serbisyong konsultasyon, at aplikasyon ng kasalukuyang mga gamot.
Lahat ng pangangailangang medikal na mga serbisyong physical therapy para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sinasakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT. Ang physical therapy sa ganitong waiver ay ibinibigay lamang sa mga indibiduwal na edad 21 pataas at kapag naubos na ang hangganan ng mga serbisyong physical therapy na naipagkaloob sa ilalim ng aprubadong plano ng estado. Ang mga serbisyong physical therapy sa aprubadong plano ng estado ay limitado lamang sa anim na buwang gamutan at maaaring i-renew kung matiyak na pangangailangang medikal.

Mga Suportang Prevocational

Ibinibigay ang ganitong serbisyo sa mga kasali na nababagay sa kanilang espesipikong personal na mga resulta na nauugnay sa pagtatamo, pagpapasulong at/o pagpapanatili ng mga kasanayan at abilidad para suportahan at ihanda ang kasali sa pakikibahagi sa komunidad, pagiging umaasa sa isa't isa, at pagiging hindi umaasa sa iba, at/o pinagsama-samang trabaho sa komunidad.

Pinipili ng kasali ang ganitong serbisyo mula sa mapagpipiliang serbisyo kabilang ang mga tagpong espesipiko para sa mga taong walang kapansanan. Ang mga opsyon sa serbisyo ay batay sa mga kagustuhan at pangangailangang pang-indibiduwal ng kasali.
Natatanggap ng kasali ang serbisyong ito sa mga tagpo na pinagsama-sama at sumusuporta sa lubos na access sa mas malaking komunidad, na nagpapangyaring maging komportable ang kasali, umaasa sa isa't isa, hindi umaasa sa iba, mga kagustuhan, at paggamit ng anumang teknolohiya. Ang mga pagpili ng kasali ay isinama sa mga serbisyo at suporta at protektado ang kanyang mahahalagang personal na karapatan sa pagkapribado, dignidad at respeto, at ang kalayaan laban sa pamimilit. Dapat na sa mga lugar kung saan natatanggap ang serbisyo, ang kasali ay may kontrol sa personal na mga pag-aari. Karagdagan pa, dapat nagpapangyaring makatanggap ng pahinga ang kasali sa paggamit nila ng tagpo sa paraang kapareho ng indibiduwal na walang kapansanan.

Ang mga suportang prevocational ay dinisenyo para sa indibiduwal at inilalaan sa paraang kagaya ng nilinaw ng pangkat

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

ng pagpaplano para tulungan ang mga kasali na makakuha ng hanapbuhay, kasama na ang sariling hanapbuhay o boluntaryong trabaho, sa mga kapaligiran na magkakasama sa komunidad para matamo ang mga resultang personal na binigyang-kahulugan ng kasalit Kasama rin ganitong mga serbisyo at suporta ang mga aktibidad na nauugnay sa pagdiskubre ng trabaho, sariling hanapbuhay, at pagritero. Ang nilayong resulta ng ganitong serbisyo ay upang higitan pa ang mga habilitation goal na aakay sa mas malaking opurtunidad para sa mapagkompitensyang hanapbuhay at pagpapasulong ng karera o mataas sa minum na pasahod.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Maaaring tumanggap ang kasali ng anumang kombinasyon ng mga Suportang Hanapbuhay, kasama na ang:

• Pag-unlad ng mga kakayahang pisikal, hal., mga alalahanin sa kalusugan.
• Pag-unlad ng mga kasanayan sa psychomotor.
• Pagpapaunlad ng mga kasanayan sa interpersonal, handang makipag-usap/pakikipagkapwa at pakikibagay, hal., angkop na tumutugon sa mga superbisor/kamanggagawa.
• Pagpapaunlad ng mga kinagawian sa trabaho, hal., attendance at pagiging nasa oras, pagpokus sa mga gawain.
• Pagpapaunlad ng angkop para sa bokasyonal na pananamit at pag-aayos.
• Pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagiging produktibo, tulad ng, pagkamit ng istandard ng pagiging produktibo at mga resultang de-kalidad.
• Pagsasanay sa pagsasagawa ng trabaho, hal., pagsunod sa mga tagubilin, pagtapos ng mga gawain.
• Pagpapaunlad ng mga kasanayan na may kaugnayan sa trabaho, hal., paglutas ng problema, pagpaplano ng landasin para sa mga opurtinidad na hanapbuhay sa hinaharap.
• Pangangasiwa ng pera at mga kasanayan sa pagrereport ng kita.
• Pagboboluntaryo para tulungan ang tao sa pagtukoy ng trabaho o mga interes sa career.

Dinesenyo ang provocational na suporta para ihanda ang indibiduwal sa mga kalakasan at kasanayan na walang kinalaman sa trabaho na nag-aambag sa pagtatamo ng mapagkompetensya at pinagsama-samang hanapbuhay, kung ikukumpara sa bokasyonal na mga serbisyo na ang tanging layunin lamang ay makapagbigay ng hanapbuhay nang walang mga habilitation goal (maging kwalipikadong miyembro ng komunidad) na dinisenyo para magpaunlad ng kasanayan.

Ang transportasyon mula sa tirahan ay hindi bahagi ng serbisyong ito. Hindi maaaring ibigay ang mga serbisyo at suportang inilarawan sa itaas kapag ito available sa ilalim ng programang pinopondohan ng §110 of the Rehabilitation Act of 1973 (29
U.S.C. 730) or §602(16) and (17) of the Individuals with Disabilities Education Act (IDEA.)(20 U.S.C. 1401 (16 and 17)).

Mga Serbisyong Psychology

Ang mga Psychology Service ay binigyang-kahulugan sa Title 22, California Code of Regulations, Section 51099 bilang mga serbisyo ng mga taong sinanay sa pagsusuri, paggamot, pag-iwas, at pagpapabuti ng emosyonal at mental na kalusugan na mga karamdaman.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Lahat ng pangangailangang medikal na mga serbisyong psychology para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sinasakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT. Ang mga serbisyong psychology sa ganitong waiver ay ibinibigay lamang sa mga indibiduwal na edad 21 pataas kapag naubos na ang limitasyon ng mga serbisyong psychology na naipagkaloob sa ilalim ng aprubadong plano ng estado. Nililimitahan ng aprubadong plano ng estado ang serbisyong ito sa halaga na pangangailangang medikal.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Mga Pansamatalang Serbisyo

Ibinibigay ang Pansamantalang Serbisyo sa mga kasali na kailangan ng regular na pansamatalang superbisyon. Ibinibigay ang mga serbisyo nang pandalian dahil sa wala o kailangang magpahinga ng mga taong karaniwang nangangalaga at/o nangangasiwa sa kanila at hindi naman pangmedikal, maliban sa colostomy, ieostomy, catheter maintenance, at gastrostomy.

Ang pansamantala ay alinman sa mga sumusunod:
1. Ibinibigay ang mga serbisyo ayon sa oras sa episodic basis dahil sa kawalan ng o kailangan ng pahinga ng mga taong karaniwang nagbibigay ng pangangalaga sa indibiduwal.

2. Ibinibigay ang mga serbisyo ayon sa araw/gabi nang pansamantala dahil sa kawalan ng o kailangan ng pahinga ng mga taong karaniwang nagbibigay ng pangangalaga sa indibiduwal.

3. Mga serbisyo ng pag-aasikaso sa pangunahing mga kailangan sa pagtulong-sa-sarili ng kasali at iba pang gawain sa pang-araw-araw na buhay, kasama na ang pakikipag-ugnayan, pakikisalamuha, pagpapatuloy ng karaniwang pang-araw-araw na rutina na karaniwang ginagawa ng mga nag-aalaga at/o nangangasiwa sa kanila.

Maaaring bilhin ang mga serbisyong pansamanta mula sa kwalipikadong mga ahensya o indibiduwal. Maaaring kumuha ng indibiduwal na pansamantalang manggagawa ang kasali. Sa lahat ng kaso, dapat na tukuyin ng IPP ang kinakailangang pagsasanay at mga kasanayan na dapat taglayin ng mga manggagawang iyon o provider.

Maaaring ibigay ang Pansamantalang Serbisyo sa mga sumusunod na lokasyon:
• Pribadong residensyal.
• Residensyal na pasilidad na aprubado ng Estado.
• Iba pang komunidad na mga tagpo na hindi pribadong residensyal, tulad ng:
• Adult Family Home/Family Teaching Home
• Certified Family Homes for Children
• Adult Day Care Facility
• Camp
• Lisensyadong Preschool
Hindi hihingan ng mga pansamantalang serbisyo ang FFP na ibinibigay na lampas sa magkakasunod na 30 araw sa isang

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

pasilidad.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Hindi maaaring ibigay ng primary care provider o ng kanyang asawa ang Pansamantalang Serbisyo sa ilalim ng pakahulugang ito. Ang mga pansamatalang provider ay hinihilingan na gumawa at magpatupad ng back-up plan para sa mga panahon kapag sila ay nakaeskedyul, pero hindi makakarating at makapagbibigay ng mga serbisyo.

Hindi dinudoble ng mga Pansamatalang Serbisyo ang mga serbisyong ibinibigay sa ilalim ng Individuals with Disabilities Education Act (IDEA) of 2004. Maaari lamang ibigay ang mga serbisyong ito kapag ang pangangalaga at pagbabantay na kailangan ng konsyumer na lalampas sa edad ng tao na kaparehong edad na walang developmental na kapansanan at hindi hihingi para sa gastos sa kuwarto at tuluyan maliban kung ibinigay bilang bahagi ng pansamantalang pangangalaga na ipinagkaloob sa isang pasilidad na aprubado ng Estado na hindi pribadong tirahan.

Bihasang Nars

Mga serbisyong nakalista sa plano ng pangangalaga na nasa loob ng saklaw ng State's Nurse Practice Act at inilalaan ng rehistradong propesyonal na nars, o lisensyadong praktikal o bokasyonal na nars sa ilalim ng pangangasiwa ng rehistradong nars, na lisensyadong magtrabaho sa Estado.

Ang bihasang nars ay ipagkakaloob lamang sa mga indibiduwal na nasa edad 21 pataas. Lahat ng pangangailangang medikal na mga serbisyong bihasang nars para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sinasakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT. Hindi dinudoble ng mga serbisyong bihasang nars ang mga serbisyong available sa pamamagitan ng aprubadong plano ng Estado na Medicaid sa ilalim ng home health benefit o benepisyong EPSDT.

Espesyal na Medikal na Kagamitan at mga Suplay

Kasama sa espesyal na medikal na kagamitan at suplay ang mga: (a) mga device, kontrol, o appliance, na tinukoy sa IPP, na nakakatulong sa mga kasali na madagdagan ang kakayahan nila na gumawa ng mga pang-araw-araw na gawain; (b) mga device, kontrol, o appliance na tumutulong sa kasali na malaman, makontrol, o makipagkomunikasyon sa paligid nila kung saan sila nakatira; (c) mga item na kinakailangan para sa panustos-buhay o para asikasuhin ang mga pisikal na kondisyon kasama ng acillary supply at kagamitang kinakailangan para sa tamang paggana ng gayong mga item; (d) ang iba pang matibay at hindi matibay na medikal na kagamitan at suplay na hindi available sa ilalim ng plano ng Estado na kailangan para maasikaso ang mga limitasyon sa paggana ng kasali; at (e) mga kinakailangang medikal na suplay na hindi available sa ilalim ng plano ng Estado. Kasama rin dito ang pagkumpuni, pagmantini, pagkabit, at pagsasanay sa pag-iingat at paggamit ng mga item na ito. Ang mga item na ni-reimburse gamit ang waiver funds ay

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

karagdagan sa anumang medikal na kagamitan at mga suplay na ipinagkakaloob sa ilalim ng plano ng Estado at hindi isinasama ang gayong mga item na walang tuwirang medikal o pampaginhawang pakinabang sa kasali. Lahat ng item ay tutugon sa angkop na pamantayan ng manufacture,disenyo, at instilasyon, at dapat na makatugon sa Underwriters's Laboratory o Federal Communication.

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Mga commission code, kung angkop. Ang pagkukumpuni at pagmamantini ng gayong mga kagamitan ay gagawin ng awtorisadong dealer ng manufacturer kung posible.

Mga Serbisyong Pagsasalita - Pandinig at Wika

Ang mga serbisyong Pagsasalita, Pandinig at Wika ay binigyang-kahulugan sa Title 22, California Code of Regulations, Sections 51096, 51098, and 51094.1 bilang magkahiwalay mga serbisyong speech pathology audiology, at mga hearing aid. Ang mga speech pathology service ay nangangahulugang mga serbisyo para sa layuning pagtukoy, pagsukat at pagwasto o pagbago ng pagsasalita, boses o karamdaman at kondisyon sa wika, at pagpapayo na nauugnay sa gayong karamdaman at kondisyon. Ang audiological service ay nangangahulugang mga serbisyo para sa pagsukat, pagtasa, pagtukoy at pagpapayo na nauugnay sa pandinig at mga sakit sa pandinig; ang kaunting pagbabago sa mga karamdaman na pangkomunikasyon dahil sa pagkawala ng pandinig na nakakaapekto sa pagsasalita, wika at pagtugon na may kinalaman sa pandinig (auditory behavior); at pagrerekumenda at pagsusuri ng mga hearing aid. Ang hearing aid ay nangangahulugang anumang iniresetang pantulong para sa layuning tulungan o punan ang kapansanan o pagkawala ng pandinig ng isang tao.

Lahat ng pangangailangang medikal na mga serbisyo sa pagsasalita, pandinig at wika para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang ay sinasakop sa plano ng estado alinsunod sa benepisyong EPSDT. Ang mga serbisyo sa pagsasalita, pandinig at wika sa ganitong waiver ay ibinibigay lamang sa mga indibiduwal na edad 21 pataas at kapag naubos na ang limitasyo ng naipagkaloob na mga serbisyo sa pagsasalita, pandinig at wika sa ilalim ng aprubadong plano ng estado. Ang mga serbisyo sa pagsasalita, pandinig at wika na nasa aprubadong plano ng estado ay limitado lamang sa dalawang serbisyo sa alinman sa isang buwan sa kalindaryo o alinman sa kombinasyon ng dalawang serbisyo kada buwan; Ang mga benepisyong hearing aid ay limitado lamang sa $1,510 na maximum cap kada benepisyaryo kada fiscal year o sa halagang tiniyak na pangangailangang medikal.

Teknolohiya

Ang teknolohiya ay isang item, piraso ng kagamitan, o sistema ng produkto, nabili man ito, nabago o pinasadya, na ginagamit para itaguyod ang pagsasama-sama sa komunidad, pagiging hindi umaasa sa iba, at para dagdagan, panatilihin, o pasulungin ang kakayahang gumawa ng mga kasali. Kasama sa maaaring payagang mga serbisyong teknolohiya, gaya ng tinukoy sa IPP ng kasali ang:

1. Ang pagsusuri sa pangangailan sa teknolohiya ng kasali, kasama na ang pagsusuri ng epekto ng pagbibigay ng angkop na teknolohiya at mga serbisyo sa kasali sa nakasanayang kalagayan ng paligid ng kasali;

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

2. Ang pagbili, pag-upa o sa kabilang banda pagbibigay para sa pagtatamo ng alinmang technology device: mga cell phone (buwanang bayarin, mga cell phone app), iPad, tablet at laptop. Kasama sa serbisyo ang insurance at pagsasanay sa paggamit ng anumang technology device.
3. Pagpili, pagdisenyo, pagsukat, pagpapasadya, pag-angkop, pag-apply, pagmantini, pagkumpuni o pagpapalit ng technology device;

4. Pagsasanay o teknikal na tulong para sa kasali, o kung angkop, sa kanilang miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, tagapagtaguyod o awtorisadong mga kinatawan ng kasali; at
5. Pagsasanay o teknikal na tulong para sa mga propesyonal o sa iba pang indibiduwal na magbibigay ng mga serbisyo, gagamit o sa kabilang banda lubos na magsasangkot sa malaking tungkulin sa buhay ng kasali.
Maaari lamang bilhin ang teknolohiya sa ilalim ng SDP Waiver kung hindi ito available sa plano ng estado.

Mga Serbisyong Pagsasanay at Pagpapayo para sa Hindi Binabayarang mga Caregiver

Pagsasanay at pagpapayong mga serbisyo para sa indibiduwal na magbibigay ng walang bayad na suporta, pagsasanay, pagiging kasama o pangangasiwa sa mga kasali. Para samga layunin ng serbisyong ito, “individual” ay binigyang kahulugan bilang sinumang tao, miyembro ng pamilya, kapitbahay, kaibigan, kasama o katrabaho na nagbibigay ng walang bayad na pangangalaga, pagsasanay, paggabay, kasama o suporta sa isang tao na siniserbisyuhan sa waiver. Ang serbisyong ito ay maaaring hindi ibibigay para sanayin ang binabayarang mga caregiver. Kasama sa pagsasanay ang tagubilin tungkol sa mga serbisyo at suportang kasama sa IPP, paggamit ng kagamitang tinukoy sa IPP, at mga update na kinakailangan para sa ligtas na makapanatili sa tahanan ang kasali. Dapat na ang pagpapayo ay iukol sa pagtulong sa hindi binabayarang caregiver sa kanyang pagtugon sa mga pangangailangan ng kasali. Lahat ng pagsasanay sa mga indibiduwal na magbibigay sa hindi binabayarang suporta sa kasali ay dapat na kabilang sa IPP. Kasama sa serbisyo ang gastos sa pagpapatala at bayad sa pagsasanay na may kaugnayan sa pormal na pagtuturo sa mga larangan na mahalaga sa mga pangangailangan ng kasali na tinukoy sa IPP. Ang gastos sa paglalakbay, pagkain at tuluyan para sa pagdalo sa kaganapan o komperensya para sa pagsasanay ay hindi sakop sa ilalim ng pakahulugan ng serbisyong ito. Hindi dinudoble ng serbisyong ito ang mga aktibidad na ibinibigay sa ilalim ng waiver na serbisyong Pagsasanay sa Pamilya/Konsyumer.

Mga Gastusin sa Paglipat/Pag-aayos Iba Pang Serbisyo

Ang Gastusing Paglipat/Pag-aayos ay minsanan, hindi paulit-ulit na mga gastusin sa pag-aayos para tulungan ang mga indibiduwal na lumilipat mula sa institusyon tungo sa kanilang sariling tahanan sa komunidad. Pinupondohan ng gastusing ito ang gastos sa unang pag-ayos na may kaugnayan sa pagkuha at pagkakaroon ng sapat na kapaligiran na titirhan at maasikaso ang mga pangangailangang pangpangkalusugan at pangkaligtasan ng indibiduwal kapag siya ay papasok sa isang bagong kapaligiran. Binigyang-kahulugan ang “Own home” bilang anumang tirahan, kabilang na ang bahay, apartment, condominium, trailer, o iba pang tuluyan na pag-aari, inuupahan, o nirerentahan ng indibiduwal. Kasama sa serbisyong ito ang kinakailangang pagkompleto ng mga gamit, mga gamit sa bahay at mga serbisyong kailangan ng indibiduwal para matagumpay na makalipat sa pamumuhay sa komunidad at maaaring kasama ang:

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

- Depositong pansiguridad na kailangan para makaupa sa isang apartment o tahanan:
- Mga gastusin sa paglipat;
- Panigurong pangkalusugan at pangkaligtasan, tulad ng pagpuksa ng mga peste, pagkontrol sa nakapagdudulot ng alerdyi o minsanang paglinis bago ito okupahin;

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

• Bayad sa pag-ayos o hindi naire-refund na mga deposito para sa mga utility (telepono, kuryente, heating gamit ang gas);
• Mahahalagang gamit para maokupahan at magamit ang tirahan sa komunidad, tulad ng higaan, lamesa, upuan, mga window blind, tindor at kutsara, mga item sa paghahanda ng pagkain, atbp.
Hindi kasama sa mga serbisyong ito ang:
• Mga item na dinisenyo para sa mga layuning diversionary/recreational/entertainment, tulad ng mga gamit na panlibangan, telebisyon, cable TV access, o mga VCR at DVD.
• Kuwarto at tuluyan, buwanang renta o mortgage expense, mga regular na singilin sa utility, mga household appliance, at pagkain. Ang mga item na binili sa pamamagitan ng ganitong serbisyo ay pag-aari ng indibiduwal na tumatanggap ng serbisyo at ng indibiduwal na dala niya ang kanyang ari-arian sa panahon ng paglipat niya sa ibang tirahan. Ang ilan sa mga gastusing ito ay maaaring mangyari bago lumipat ang indibiduwal mula sa institusyon tungo sa komunidad. Sa gayong mga kaso, ang mga gastusin sa Paglipat/Pag-ayos na nangyari habang nasa institusyon ang isang tao ay hindi maituturing na tapos na hanggang sa petsa ng pag-alis sa institusyon at makapagpatala na sa waiver. Ang mga gastusin sa Paglipat/Pag-aayos na kasama sa plano ng pangangalaga ng indibiduwal ay maaaring ipagkaloob hanggang 180 araw bago ilabas sa institusyon ang indibiduwal. Gayunman, ang gayong mga gastusin ay hindi ituturing na tapos na hanggang sa petsa kung kailan lalabas sa institusyon ang indibiduwal at nakatala na sa waiver.

Pagbabagay at Modipikasyon ng Sasakyan

Ang mga pagbabagay ng sasakyan ay mga device, kontrol o mga serbisyo na tumutulong sa kasali na madagdagan ang kanilang pagiging hindi umaasa sa iba, nagpapangyaring mas higit silang maisama nang lubusan sa komunidad, at para matiyak ang kanilang kalusugan at kaligtasan. Kasama dito ang pagkumpuni, pagmantini, instilasyon, at pagsasanay sa pag-iingat at paggamit ng mga item na ito. Ang mga pagbabagay ng sasakyan ay dapat isagawa ng adaptive equipment ng awtorisadong dealer ng manufacturer. Ang pagkukumpuni at pagmamantini ng gayong mga kagamitan ay gagawin ng awtorisadong dealer ng manufacturer kung posible.
Kasama sa mga pagbabagay ng sasakyan ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:
1. Pagpapalit ng mga hawakan ng pinto;
2. Pagpapalapad ng pinto;
3. Mga device na pambuhat;
4. Mga device para hindi gumalaw ang wheelchair;
5. Mga device na naibabagay na upuan;
6. Naibagay na mga device ng manebela, pagpapabilis, pag-signal, at pagpreno; at
7. Mga bar na hawakan at panggabay

Mga Kahulugan ng Serbisyo ng Self-

Ang mga pagbabagay sa mga sasakyan ay isasama kung maitatatag, depende sa indebiduwal, kung angkop ang presyo ng pagbabagong ito sa sasakyan, kung ikukumpara sa ibang mapagpipiliang mga serbisyong transportasyon. Ang mga pagbabagay sa mga sasakyan ay limitado lamang sa mga sasakyan na pag-aari ng tumatanggap,

o ng pamilya ng tumatanggap at hindi kasama ang pagbili mismo ng sasakyan. Kasama sa pamilya ng tumatanggap ang biyolohikal na magulang ng tumatanggap, mga magulang na umampon, pangalawang magulang, mga kapatid, mga anak, asawa, ka-live-in (sa gayong mga hurisdiksyon kung saan ang mga domistic partner ay legal na kinikilala), o isang tao na legal na kinatawan ng tumatanggap. Ibibigay lamang ang pagbabagay sa sasakyan kapag nakadokumento ang mga ito sa plano ng pangangalaga ng indibiduwal at kapag may nasusulat na pagtaya ng isang lisensyadong Physical Therapist o isang rehistradong Occupational Therapist. Maaaring ang sasakyan ay pag-aari ng kasali o miyembro ng pamilya na kasama niya sa buhay o may palagi at tuloy-tuloy ang kontak sa kaniya, na nagbibigay ng pangunahing pangmatagalang suporta sa kasali, at isang hindi binabayarang provider ng gayong mga serbisyo.